

# Deadline Extended for FEMA Applications After Hurricanes Helene and Milton in Florida

---

**Release Date: Nobyembre 25, 2024**

**TALLAHASSEE, Florida.** - Ang deadline para sa mga Floridian na mag-apply para sa tulong sa FEMA pagkatapos ng mgs Hurricane Milton at Helene ay pinalawak hanggang Enero 7, 2025.

Ang mga may-ari ng bahay at nagrerenta na may pagkalugi mula sa mga Hurricane [Milton](#) at [Helene](#) ay maaaring maging karapat-dapat para sa tulong sa pinansiyal ng FEMA para sa paglilipat, pangunahing pag-aayos sa bahay, pagkawala ng personal na ari-arian at iba pang hindi nakaseguro o kulang sa seguro na gastos na sanhi ng sakuna.

[Hinihikayat ang mga may-ari at nagrerenta na mag-apply online sa DisasterAssistance.gov o sa pamamagitan ng paggamit ng FEMA App.](#) Maaari ka ring mag-apply sa pamamagitan ng telepono sa **800-621-3362**. Ang mga linya ay bukas araw-araw at magagamit ang tulong sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng isang relay service, caption na telepono o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Para sa isang naa-access na video tungkol sa kung paano mag-apply para sa tulong pumunta sa [FEMA Accessible: Application for Individual Assistance - YouTube](#).

Kung nagkaroon ka ng pinsala mula sa Hurricane Helene at Hurricane Milton, kakailanganin mong mag-apply nang hiwalay para sa parehong mga sakuna at ibigay ang mga petsa ng iyong pinsala para sa bawat isa.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi ng Hurricane Milton, bisitahin ang [fema.gov/disaster/4834](https://fema.gov/disaster/4834). Para sa impormasyon sa pagbawi ng Hurricane Helene, bisitahin ang [fema.gov/disaster/4828](https://fema.gov/disaster/4828). Para sa impormasyon sa pagbawi ng Hurricane Debby, bisitahin ang [fema.gov/disaster/4806](https://fema.gov/disaster/4806). [I-follow ang FEMA sa X sa x.com/femaregion4 o sa Facebook sa facebook.com/fema.](#)



**FEMA**

Page 1 of 2

###

Ang misyon ng FEMA ay ang pagtulong sa mga tao bago, habang at pagkatapos ng mga sakuna.

Nakatuon ang FEMA na tiyakin ang tulong sa sakuna ay natutupad nang pantay, nang walang diskriminasyon

sa batayan ng lahi, kulay, nasyonalidad, kasarian, oryentasyong sekswal, relihiyon, edad, kapansanan, kasanayan sa Ingles, o katayuan sa ekonomiya. Ang sinumang nakaligtas sa sakuna o miyembro ng publiko ay maaaring makipag-ugnayan sa Opisina ng Karapatang Sibil ng FEMA kung nararamdaman nila na mayroon silang reklamo ng diskriminasyon. Ang Opisina ng Karapatang Sibil ng FEMA

ay maaaring kontakin sa [FEMA-OCR@fema.dhs.gov](mailto:FEMA-OCR@fema.dhs.gov) o toll free sa 833-285-7448.



**FEMA**

Page 2 of 2